

MGA ESTABLISIMENTO OOBLAGAHIN

'Courtesy seating' sa mga buntis, PWDs at senior citizens sa QC

Papatawan ng parusa ng Quezon City government ang mga establimento na walang inilaang 'courtesy seating' sa mga buntis, person with disabilities at senior citizens sa ilalim ng bagong pasang ordinansa.

Pinirmahan na ni Mayor **Herbert Bautista** ang Ordinance No. SP-2804 na nag-aatas sa lahat ng pribado at pampublikong

establimento sa lungsod na magkaloob ng 'courtesy seats' sa mga nabanggit na sektor.

Kailangan ding malagyan ang lugar ng courtesy seat signage.

Ang mga lalabag sa ordinansa ay bibigyang babala sa unang pagkakataon, sa pangalawang paglabag ay pagmumultahin na ang mga ito ng P5,000 at suspensyon ng business permit

sa loob ng anim na buwan at sa ikatlong paglabag ay multang 5,000 at revocation ng business permit.

Ang implementing rules at regulations ng ordinansa ay iisyu sa loob ng 30 araw ng **Social Services Development Department, Person with Disability Affairs Office, Office for Senior Citizens Affairs at Business Permits Licensing Office.** *(Romina Cabrera)*